



Nakilala si Oseas sa kasaysayan bilang propetang niloko ng kanyang asawa na patuloy pa rin niyang minahal sa kabila ng mga kataksilan nito. Tinawag siya ng Diyos para magsalita sa ngalan niya sa isang bayang materyalista at maraming dinidiyos na iba. At nais ng Diyos na maranasan din ng kanyang propeta ang sakit at kahihiyan ng isang asawang kinaliwa. Isang Diyos na nakadarama ng pagmamahal sa tao ang ipinakikilala sa atin ng mga propeta; tunay at personal na pagmamahal kayat naipahahayag sa wika ng tao. Pagkatawag ng Diyos sa propeta, tinanggap niya ang pribilehiyong madama at makita ang mga bagay gaya ng Diyos: kayat papasanin din ni Oseas ang parehong krus ng Diyos – ang laging mahalin at patawarin ang asawang salawahan at taksil. At sa kabilang dako naman, isisigaw rin ni Oseas ang galit ng Diyos sa Israel sa harap ng mga kasalanan nito.

Mga taong 746 nang magsimulang mangaral si Oseas, ibig sabihi'y sa dakong huli ng masaganang paghahari ni Yeroboam II sa hilagang kaharian ng Israel. Pagkatapos na pagkatapos nito'y agad na magsisimula ang dalawampung taon ng pagbagsak at kabulukan na magwawakas sa pagkabihag sa Samaria at pagdedeport sa mga tagaroon (taong 721).

Narito si Oseas para akusahan at babalaan ang bayang nabubuhay nang walang pakialam. Patuloy siya sa pangangaral samantalang pabagsak naman ang kaharian: ipinahahayag niya ang parusa ng bayang iresponsable at taksil sa pakikipagtipan ng kanilang Diyos. Pero nauunawaan niya na tagapagturo ang Diyos at hindi nito pahihintulutan nang walang dahilan ang mga kapahamakan at kahit na ang pagkawasak ng bansa. Sa ganitong paraan, ang Israel ay magbabalik sa dati nitong kalagayan nang akayin siya ni Yawe at ilabas mula sa Ehipto: siya ay magiging dukha at abang bayan, kayang sundan ang kanyang Diyos nang may pananampalataya at pagmamahal.

*Nagsisimula ang libro ni Oseas sa istorya ng kabiguan ng kanyang buhay may-asawa. Naglalahad siya mula rito ng aral sa Israel na taksil kay Yawe (kab. 1-3).*

*At sa mga kabanata 4-13 naman, sama-sama ang mga panunumbat, babala, paanyaya sa pagbabalik-loob at pagbabalita ng pagkatapon. Isang pag-asa sa kinabukasan ang binubuksan ng huling talata, 14:2-10, sa oras na alisin na ni Yawe sa Israel ang lahat ng kayamanang pinanghawakan nito.*

**1** 1 Dumating kay Oseas na anak ni Beeri
ang salita ni Yawe sa panahon ng pag-
hahari sa Juda nina Ozias, Yotam, Ahaz at
Ezekias, at sa Israel ni Yeroboam na anak ni
Yoas.

**Mag-asawa ka: pagtataksilan ka niya**

• 2 Nang magsimulang magsalita si
Yawe sa pamamagitan ni Oseas, sinabi sa
kanya ni Yawe:
"Lumakad ka at kunin mong asawa
ang isang sagradong babaeng bayaran at
magkaroon ka ng mga anak sa kanya
dahil pinakakasuklam-suklam na pagbi-
bili ng sarili ang pagtalikod ng bayan kay
Yawe."
3 Kaya pinakasalan niya si Gomer na
anak ni Diblayim. At naglihi ito at nag-
kaanak siya rito ng isang lalaki. 4 Sinabi ni
Yawe: "Pangalanan mo siyang *Jezrael,*
pagkat parurusahan ko ang angkan ni
Yehu dahil sa masaker sa Jezrael. Wawa-
kasan ko ang kaharian ng Israel. 5 Dara-
ting ang araw na magagapi ang Israel sa
Lambak ng Jezrael."
6 Nagbuntis uli si Gomer at babae ang
naging anak. Sinabi ni Yawe kay Oseas:
"Pangalanan mo siyang Di-Mahal 7 pagkat
hindi ko na mamahalin ang bansang Israel
ni patatawarin sila."
8 Matapos awatin si Di-Mahal, nagbun-
tis uli si Gomer at nagsilang ng isa pang
anak na lalaki. 9 Sinabi ni Yawe: "Panga-
lanan mo siyang *Di-Ko-Bayan,* pag-
kat hindi na kayo ang bayan ko at ako'y
hindi na AKO – SIYANG-UMIIRAL para sa
inyo."

**2**

• 4 Isakdal ang inyong ina, isakdal
pagkat hindi ko siya asawa,
at ako'y hindi para sa kanya.
Mag-alis siya ng palamuti sa mukha
at ng mahalay na mga imahen sa dibdib;
5 kung di'y huhubaran ko siya,
gaya noong siya'y isilang.

---

• **1.2** Hinihingi ni Yawe kay Oseas na isa sa mga babaeng kasama sa sagradong pagbibili ng sarili sa pagsamba ng mga pagano ang kunin nitong asawa. Sa kanila lumalapit ang sinumang naghahangad tumanggap ng biyaya ng diyos na Baal sa kanilang mga bukid at hayupan. Napakadalas mangyari ang ganito sa Israel at hindi nila ito minamasama maliban sa mga talagang tapat kay Yawe. Kaya sinimulan ni Oseas ang kanyang pag-aasawa nang may malaking pagmamahal, sa kaalamang magpapatuloy pa rin sa pagtataksil sa kanya at sa kanyang Diyos ang kanyang asawa. Sa totoo'y magbabalik siya sa pagbibili ng sarili.

Parang nasa gitna ng nag-uumpugang bato si Oseas sa kaibuturan ng kanyang puso – laging umaasang magbabagong-loob ang kanyang asawang salawahan at sumasamba sa mga diyus-diyusan, pero nilalamon din ng selos at galit, at pagod na sa laging pagpapatawad. Patuloy niya itong minamahal, at sa dakong huli'y magtatagumpay siya sa pagsagip sa kanya sa pamamagitan ng kanyang napakadakila at mahabaging pag-ibig.

*Pangalanan mo siyang Di-Mahal.* May kung anong kahulugan ang lahat ng pangalan sa Israel, at halos laging relihiyoso ang ibig sabihin ng mga ito. Pinapangalanan dito ni Oseas ang kanyang mga anak, na malamang ay nakagulat sa mga tao at sa gayo'y nagbibigay-diin sa mga itinuturo niya sa kanila: malulupig ang Israel; siya ay isang bayang di mahal ni Yawe ni kinikilalang kanya.

Kasunod ni Oseas, maraming propeta ang magsasalita tungkol sa pagbibili ng sarili at pakikiapid para tukuyin ang pagsamba sa ibang mga diyos. Uulitin din nila na tinawag ang Israel na maging asawa ng Diyos.

– Sa ganito ring paraan ilalahad ni Jeremias ang mga kasalanan ng Israel (Jer 2:2; 3:1; 31:1) at magiging mas marahas naman si Ezekiel (kabanata 16-23).

– Pero sa mga kabanata 40-66 ni Isaias naman, matutunghayan natin ang pangitain tungkol sa Jerusalem na nakipagbalikan at ikinasal kay Yawe (Is 50:1; 54:6 at 62:4). Ito rin ang magiging paksa sa Awit ng Mga Awit at Pagbubunyag 21.

• **2.4** Sa paglalahad na ito, nagkakahalo si Oseas na nagbababala sa kanyang asawa at si Yawe na nanunumbat sa kanyang bayan.

Walang sinuman sa Israel ang di sumasampalataya kay Yaweng Diyos ng kanilang lahi. Pero kahit na kinikilala nila siya bilang tagapagligtas sa mga krisis ng kanilang bansa, iniisip pa rin nilang ang pamumunga

Gagawin ko siyang lupang tigang,
gagawin siyang disyerto.
at pababayaang mamatay sa uhaw.
6 Paano ko mamahalin ang kanyang mga anak–
mga anak sa pakikiapid?
7 Naging babaeng bayaran ang kanilang ina,
at mga anak sila sa kahalayan.

Sabi niya: "Hahabulin ko ang aking mga mangingibig
na nagbigay sa akin ng aking tinapay at tubig,
ng aking lana at linen, ng aking langis at inumin."
10 Hindi na niya alam na ako ang nagbigay
sa kanya ng trigo, ng alak at langis,
ng pilak at gintong ginagamit para kay Baal.

11 Kaya babawiin ko ang aking trigo pagkahinog nito,
at ang aking alak kapag handa na;
babawiin ko ang aking lana at linen
na pantakip sa kanyang kahubaran.
12 Ilalantad ko siya sa paningin ng kanyang mga kalaguyo,
at di siya maililigtas ninuman sa aking mga kamay.

13 Wawakasan ko ang lahat niyang paglilibang,
ang kanyang mga buwanang piyesta at mga Araw ng Pahinga.
14 Sisirain ko ang kanyang mga ubasan,
at ang kanyang mga punong igos dahil sinabi niya:
"Bigay ito ng mga mangingibig ko."

---

ng lupa at pagdami ng kanilang hayupan ay galing sa ibang mga diyos, sa mga Baal, at walang kapangyarihan si Yawe sa mga bagay na ito. Kaya pinagbabantaan sila ni Yawe na ipagkakait sa kanila ang lahat ng bunga ng lupa at pati na ang lupa mismo, para makita nilang sa kanya lamang pala galing ang lahat nilang kayamanan.

Sa lahat ng panahon, nakagawian na nating iasa ang iba't ibang bahagi ng ating buhay sa iba't ibang diyos. Ang ilan ay may "malaking pananampalataya" kay Kristo para lutasin ang kanilang mga problema, pero sinasamba rin naman nila ang sex sa paraang parehong-pareho ng mga deboto ni Baal. Ang iba nama'y sumasamba sa Diyos sa harap ng mga tao, pero nagtatayo naman ng isang lipunang mapaniil base sa batas ng salapi at katwiran ng pinakamalakas. Ang kalbaryo ng maraming Pilipino ang siyang naglalantad sa kasalanan ng lipunang winasak ng mga diyus-diyusan nito.

*Kaya aakitin ko siya, aakayin uli tungo sa disyerto at doon ko masuyong kakausapin.* Ipagkakait ni Yawe ang lahat sa Israel upang maging dukha siyang muli tulad noon sa Disyerto sa panahon ni Moises. Sa ganito niya malalaman na sa Diyos galing ang lahat at sa kanya siya mananalig. *Mas mabuti pa ako noon kaysa ngayon.* Ito rin ang sasabihin ng waldas na anak sa Lucas 15:17.

*Tatawagin niya ako… hindi na aking Baal.* Ginagamit dito ni Oseas ang salitang *Baal ko,* dahil Panginoon ang ibig sabihin ng Baal sa Hebreo. Ang pangalang ito ay ibinibigay sa mga diyos ng mga Kananeo pero pinararangalan din ng mga Israelita si Yawe sa titulong ito. Subalit ayaw ng Diyos na siya ay maging isang "Baal" lamang kasama ng iba pa, kundi "ang" kaisa-isang asawa.

*Magiging kabiyak kita magpakailanman.* Isang bagong tipan ang iniaalok ng Diyos sa mga tao, o isang bagong kasunduan. Hindi isang bagong relihiyon na may ibang mga kautusan kundi isang personal na relasyong hatid ng pusong dinalisay at binago (Jer 31:31).

Ang pagkakabuklod na ito *sa pag-ibig at katapatan* ang tinutukoy sa Juan 1:17: si Jesus ang naghatid nito sa sangkatauhan.

*Papagkakasunduin ko sila ng mga hayop.* Pagkaraan ng mga pagsubok, nakikinikinita ni Oseas ang isang panahon ng kaligayahan kung kailan muling ibibigay ni Yawe ang lupa sa kanyang bayang dinalisay. Di na magkakaroon ng mga masasamang puwersa ng kalikasan o mga digmaan. *Pagpapahingahin ko silang ligtas at panatag.*

Sa wakas ay napagtatagumpayan ni Oseas ang kasamaan ng kanyang asawa sa pamamagitan ng kanyang matiising pagmamahal. Tinutubos pa niya ito sa pagbabayad sa pari ni Baal na pinaghandugan nito ng kanyang sarili.

Gagawin kong dawagan ang mga ito,
sasalantain ng mga mabangis na hayop.

15 Parurusahan ko siya dahil sa mga araw
na nag-alay siya ng insenso sa mga Baal,
nagsuot siya ng nang-aakit na mga hiyas,
nanghabol ng mga lalaki at lumimot sa akin, sabi ni Yawe.
8 Kaya haharangan ko siya ng mga tinik,
kukulungin upang di makalabas.
9 Manghabol man siya ng mga kalaguyo, hindi niya sila aabutan;
maghanap man ng lalaki, wala siyang matatagpuan.
Kaya sasabihin niya: "Babalik ako sa unang asawa ko
pagkat mas mabuti pa ako noon kaysa ngayon."

16 Kaya aakitin ko siya,
aakayin uli tungo sa disyerto
at doon ko masuyong kakausapin.
17 At ibabalik ko ang kanyang mga ubasan,
gagawing pinto ng pag-asa ang Lambak ng Kamalasan.

Doo'y sasagutin niya ako gaya noong kanyang kabataan,
noong siya'y lumabas mula sa lupain ng Ehipto.
18 Sabi ni Yawe: Sa araw na iyon
tatawagin niya akong asawa ko
at hindi na kailanman aking Baal.
19 Aalisin ko sa kanyang labi ang pangalang Baal,
at hindi na niya iyon tatawagan.

20 Papagkakasunduin ko sila
ng mga hayop sa parang at mga ibon sa langit,
ng mga nilalang na nagsisigapang sa lupa.
Papawiin ko ang pana, tabak at digmaan sa lupa,
upang makapamahinga silang ligtas at panatag.

21 Magiging kabiyak kita magpakailanman;
pakakasalan sa katarungan at katatagan,
magkakabuklod sa pag-ibig at pagsuyo.
22 Magiging asawa kita sa katapatan,
at kikilalanin mo si Yawe.

23 Sabi ni Yawe tungkol sa mga araw na iyon:
Pakikinggan ko ang langit,
at sasagutin nito ang lupa.
24 Sasagutin naman ng lupa ang trigo, alak at langis,
na sasagana gaya ng inaasam ng Jezrael.
25 Ihahasik ko ang mga iyon sa lupa para sa akin,
at si *Di-Mahal* ay aking mamahalin.
Sasabihin ko kay Di-Ko-Bayan: "Ikaw ang bayan ko,"
at sasagot siya: "Ikaw ang aking Diyos."

**3** 1 Sabi ni Yawe: "Muli mo ngayong
ipadama ang pag-ibig mo sa baba-
eng ito na may ibang minamahal at na-
kikiapid. Mahalin mo siya tulad ng pag-
ibig ni Yawe sa kanyang bayang bumaling
sa ibang mga diyos at gusto ang mga
sagradong pasas."
2 Kaya binili ko siya sa halagang labin-
limang pirasong pilak at isang punong
takal ng sebada. 3 At sinabi ko sa kanya:
"Dumito kang kasama ko nang maraming
araw. Hindi mo na ibibigay ang iyong sarili
sa pakikipagtalik kaninuman. At hindi rin
ako sisiping sa iyo."
4 Sapagkat maraming araw na mawa-
walan ng hari o tagapamahala ang bayan
ng Israel – walang paghahain ng mga han-
dog o haliging banal, walang pagsangguni
kay Yawe o pantahanang diyus-diyusan.
5 Pagkaraa'y magbabalik ang Israel at
hahanapin si Yaweng kanilang Diyos at si
David na kanilang hari. Sa mga huling
araw ay may pitagan silang dudulog kay
Yawe at sa kanyang mga pagpapala.

**2** 1 Magiging sindami ng buhangin sa dagat
ang bayan ng Israel, hindi masusukat o
mabibilang. Sa halip na sabihin sa kanilang:
"Hindi ko kayo bayan," tatawagin silang "mga
anak ng Diyos na buhay." 2 Muling magkakaisa
ang bayan ng Juda at ang bayan ng Israel, at
hihirang sila ng isang pinunong mamamahala
sa kanila. Sasalakayin nila ang ibang mga
lupain pagkalupig nilang labis sa Jezrael. 3 Tata-
waging *Bayan-Ko* ang inyong kalalakihan at
*Aking-Mahal* ang kababaihan.

**4** • 1 Pakinggan ang salita ni Yawe,
Israel! Sapagkat may hinaing si
Yawe laban sa mga nasa lupaing ito. Wala
ngang katotohanan ni kabutihan ni kaa-
laman sa Diyos sa lupaing ito.
2 Wala kundi madayang panunumpa,
pagsisinungaling, pagpatay, pagnanakaw
at pakikiapid – sunud-sunod na patayan.
3 Kaya nagluluksa ang lupa at nanghihina
ang lahat ng naroon. Nangamamatay ang
mga hayop sa parang, ang mga ibon sa
langit, at ang mga isda sa dagat.
4 Ngunit huwag isumbong o isakdal ang
sinuman, sapagkat ikaw, O pari, ang
aking isasakdal!
5 Bumabagsak ka araw-gabi at kasama
mong bumabagsak ang propeta, at ibina-
bagsak din ninyo ang inyong bayan. 6 Na-
lilipol ang bayan ko dahil sa kawalan ng
kaalaman; kaya tinatanggihan din kita
bilang pari. Winawalang-halaga mo ang
batas ng iyong Diyos, kaya hindi ko rin
pahahalagahan ang iyong mga anak.
7 Pare-parehong nagkasala sa akin ang
lahat. Akong kanilang Luwalhati ay ipi-
nagpalit nila sa mga diyus-diyusang ka-
nilang kahihiyan. 8 Hindi ba sila ang ku-
makain ng hain para sa kasalanan? Kaya
gusto nilang magkasala ang aking bayan.
9 Iisa ang para sa lahat: kung ano ang
bayan, gayon din ang pari. Pare-pareho
ko silang parurusahan dahil sa kanilang
mga gawa. 10 Kakain sila at hindi mabu-
busog; dadami ang pagbibili ng sarili
ngunit di pa rin magkakaanak, sapagkat
wala silang pitagan kay Yawe. 11 Pakikia-
pid at paglalasing ang laman ng kanilang
puso.

12 Sumasangguni ang bayan ko sa diyus-
diyusang kahoy, sa hula ng isang tungkod.
Iniiligaw sila ng espiritu ng pakikiapid kaya
nagtataksil sila sa kanilang Diyos. 13 Naghahan-
dog sila sa mga tuktok ng bundok at nag-aalay
ng insenso sa mga burol, sa lilim ng mga punong
ensina, alamo at espino, saanman may kaiga-
igayang lilim.
14 Kaya, kung magpapabayad sa lalaki ang
inyong mga anak na babae at makiapid ang
inyong mga manugang na babae, hindi ko sila
parurusahan, sapagkat kayo man ay nakikisa-
ma sa mga babaeng bayaran at sabay-sabay na
naghahandog sa kanilang templo. Winawasak
ng bayang hangal ang kanilang sarili.

---

• **4.1** Isusumpa rin ng iba pang mga propeta ang mga pagkukulang at pagiging iresponsable ng mga nasa kapangyarihan sa bayan at sa relihiyon: sila ang dahilan ng paghihirap ng sambayanan (tingnan ang Is 5:13; Mikeas 3:1).

Sa talata 4:11-14, patuloy na inaakusahan ni Oseas ang mga paring gumagaya sa mga gawi ng mga paring pagano sa panghuhula at pagbibili ng sarili.

15 Kung babaeng bayaran ang Israel, bakit
naging gayon din ang Juda? Huwag laging pu-
munta sa Gilgal o Betaven; huwag pumunta
roon para manumpang "Habang nabubuhay si
Yawe!"

16 Kung parang salbaheng baka ang Israel,
papastulin ba siya ni Yawe na parang isang
tupa? 17 Mahilig sa diyus-diyusan ang Efraim,
iiwan siya ni Yawe. 18 Nakikiapid sila pagkapag-
lasing; mas gusto nila ang kahihiyan kaysa
kaluwalhatian. 19 Tatangayin sila ng ipuipo at
ikahihiya nila ang kanilang mga di-banal na
pag-aalay.

**Laban sa mga pinuno ng hari**

5 • 1 Pakinggan ninyo ito, mga pari; at ding-
gin ninyo mga taga-Israel at mga pinuno
ng hari: padating na ang inyong kahatulan.
Naging patibong kayo sa Mispa at bitag sa
Tabor, 2 naging malalim na balong kahuhulugan
sa Sitim, kaya parurusahan ko kayong lahat.

3 Kilala ko ang Efraim; walang maililihim sa
akin ang Israel. Nagbili ng sarili ang Efraim;
marumi ka, O Israel.

4 Hindi sila tumigil sa kanilang mga gawa at di
nakabalik sa kanilang Diyos. Espiritu ng pag-
bibili ng sarili ang nasa kanilang puso at hindi
nila kilala si Yawe. 5 Saksi laban sa Israel ang
kanyang kapalaluan; nadapa ang Efraim sa
kanyang kasamaan.

6 Dala ang kanilang mga kawan, hahanapin
nila si Yawe ngunit di matatagpuan pagkat lu-
mayo siya sa kanila. 7 Bunga ng kanilang ka-
taksilan kay Yawe, mga anak sa labas ang
kanilang mga supling. Kaya ngayo'y uubusin
sila ng mangwawasak, at wawasakin ang kani-
lang lupain.

• 8 Hipan ang tambuli sa Geba, ang trumpeta
sa Rama; isigaw ang hudyat sa Betaven! Pagkat
nagapi ang Benjamin, 9 sumapit na ang araw na
mawawasak ang Efraim. Ihahayag ko ang totoo
sa mga tribu ng Israel: 10 gaya ng mga nag-aalis
ng mga mohon ang mga pinuno ng Juda, at para
namang bahang ibubuhos ko sa kanila ang
aking poot. 11 Nang-aapi ang Efraim at nangyu-
yurak ng katarungan.

12 Para akong ipis sa Efraim at bukbok sa
Juda. 13 Nakita ng Efraim ang kanyang sakit at
ng Juda ang kanyang sugat. Kaya humingi ng
tulong ang Efraim sa dakilang hari ng Asiria.
Ngunit hindi niya kayo mapapagaling ni mapag-
hihilom ang inyong mga sugat.

14 Ako'y magiging parang leopardo sa Efraim
at parang leon sa Juda. Luluray in ko sila at
iiwan. Tatangayin ko, at walang sasagip. 15 Saka
ako lalayo at babalik sa aking lugar hanggang
aminin nila ang kanilang pagkakasala at mag-
balik sa akin, sapagkat hahanapin nila ako sa
kanilang kapighatian.

6 • 1 Halina, magbalik kay Yawe.
Niluray niya tayo at pagagalingin din,
sinaksak niya tayo, at bebendahan ang ating sugat.
2 Makalawang araw ay muli niya tayong bubuhayin;
sa ikatlong araw nama'y ibabangon niya tayo,
at mabubuhay tayo sa piling niya.
3 Sisikapin nating makilala si Yawe.
Ang pagdating niya'y sintiyak ng bukanliwayway;
sisikat ang kanyang pagliligtas gaya ng liwanag;
darating siya sa atin tulad ng ulan sa tagsibol,
tulad ng ulang dumidilig sa lupa.

---

• **5.1** Alalahanin natin na ang bayan sa hilaga; na tinatawag na kaharian ng Israel, ay binuo ng mga tribu ni Jacob o mga tribu ni Jose (tingnan ang Gen 35:23). Dalawa ang mga tribu ni Jose: ang Efraim na siyang mas importante at ang Manases. Sa paggamit ni Oseas sa mga salitang *Efraim, Jose, Jacob, Israel,* iisang bayan lamang talaga ang tinutukoy niya.

• 8. *Tinatalakay dito ang mga digmaan ng Israel. Pansinin ang huling pangungusap: Nagtatago si Yawe at iniiwan ang kanyang bayan sa dilim nang magbalik sila para hanapin siya.*

• **6.1** Pinagsisisihan ng tao ang kanyang mga pagkakamali; pero hindi sapat ang kanyang katapatan para layuan ang kanyang mga kasalanan. Iniisip niyang masisiyahan ang Diyos sa pag-aalay niya ng ilang handog, pero malayo ito sa tunay na pag-ibig na napatutunayan sa pagsunod. Mas gusto nilang mag-alay ng mamahaling mga handog na sila mismo ang pumili kaysa pagsunod na hinihingi ng Diyos sa kanila.

*Pag-ibig ang nais ko, hindi sakripisyo.* Sinagot ni Jesus ang mga Pariseo sa isang pagkakataon sa pagsasabi ng pangungusap na ito (tingnan ang Mateo 9:13).

[4]O Efraim, ano'ng gagawin ko sa iyo?
O Juda, paano kita pakikitunguhan?
Ang pag-ibig mo'y parang ulap sa umaga,
parang hamog na madaling natutuyo.
[5]Kaya tinadtad kita sa aking mga propeta,
at sinaksak sa mga salita ng aking bibig.

[6]Pagkat pag-ibig ang nais ko, hindi sakripisyo;
pagkilala sa Diyos, hindi sinunog na handog.

• [7]Sinira nila sa Adam ang aking tipan;
nagtaksil sila sa akin doon. [8]Lungsod ng mga
masama ang Galaad, may bahid ng duguang
bakas ng mga paa. [9]Parang nananambang na
mga magnanakaw ang mga pari; pumapatay
sila sa daang tungo sa Sikem at nakikiapid.
[10]Nasaksihan ko sa Betel ang kasuklam-
suklam nilang gawa; doon nagbii ng kanyang
sarili ang Efraim at nawalang-puri ang Israel.
[11](Sa iyo man, Juda, may nakalaan ding ani
kapag ibinalik ko na mula sa pagkabihag ang
aking bayan.)

**7** [1]At kapag pinagaling ko ang Israel, mali-
naw na lilitaw ang kasalanan ng Efraim,
lantaran na ang kabuktutan ng Samaria. Nanda-
raya sila, namamasok ng mga bahay ang mga
magnanakaw habang nananalakay sa mga
daan ang mga tulisan. [2]Hindi nila nalalamang
tinatandaan ko ang masasama nilang gawa.
Lubog na sila sa kanilang pagkakasala na laging
nasa harap ko. [3]Inaaliw nila ang hari sa kanilang
kasamaan, at ang mga pinuno sa kanilang mga
kasinungalingan. [4]Nag-aapoy sila sa pakiki-
apid, parang pugong pinagbaga ng panadero.
Hindi na kailangang papaglagablabin pa mula
sa pagmasa hanggang sa ito'y umalsa.
[5]Sa kaarawan ng hari, naglalasing ang kan-
yang mga pinuno at nakikilahok siya sa labis
nilang pagsasaya. [6]Parang pugon ang kanilang
kalooban sa mga pakana, magdamag na nag-
babaga at kinaumagaha'y apoy nang nagla-
lagablab. [7]Nag-aapoy silang parang pugon at
tinutupok ang sarili nilang mga pinuno. Nagsi-
bagsak ang lahat nilang hari at wala sa kanilang
tumawag sa akin.

[8]Nakikisalamuha ang Efraim sa mga bansa.
Ang Efraim ay bibingkang hilaw ang tabi.
[9]Inuubos ng mga dayuhan ang kanyang lakas,
ngunit hindi niya namamalayan. Marami na
palang uban ang kanyang ulo ngunit di niya
napapansin.
[10]Saksi laban sa Israel ang kanyang kapa-
laluan ngunit ayaw pa rin nilang magbalik kay
Yaweng kanyang Diyos, ni hindi niya siya hina-
hanap. [11]Ang Efraim ay parang kalapating ha-
ngal at madaling linlangin na ngayo'y humihingi
ng tulong sa Ehipto at mayamaya'y sa Asiria.
[12]Ngunit saanman sila bumaling, ihahagis ko sa
kanila ang aking lambat at mahuhulog silang
parang mga ibon sa langit, at parurusahan sila
sa kanilang kasamaan.
[13]Kawawa silang nagsilayo sa akin; mahi-
hiya ang nanlinlang sa akin. Nang gusto ko
silang sagipin, siniraang-puri nila ako. [14]Nang
dumaraing sila sa kanilang higaan dahil sa kani-
lang trigo at alak, bumaling sila sa akin ngunit
hindi matapat ang kanilang pagtawag.
[15]Nang papagtagumpayin ko sila't palaka-
sin, pinagbalakan nila ako ng masama. [16]Para
silang panang baluktot, bumabaling sa akin
para lamang magtaksil. Lilipulin sa tabak ang
mayabang nilang mga pinuno at pagtatawanan
sila ng mga Ehipsyo.

**8** • [1]Bantay, hipan ang trumpeta! Babalaan
ang Bahay ni Yawe pagkat sinira nila ang
aking tipan at sinuway ang aking Batas. [2]Isi-
nisigaw nila sa akin: "Kinikilala ka ng Israel, O
Diyos." [3]Ngunit tinanggihan ng Israel ang ma-
buti kaya uusigin sila ng kaaway. [4]Nagtalaga
sila ng mga hari nang wala akong pagsang-ayon

---

• 7. *Adam, Galaad, Betel,* mga lugar na pinagdiriwangan ng pagsamba kay Yawe na may halong kaugaliang pagano.

• **8.**1 Isang bantay ang propeta (tingnan Ez 3:17). Mahigpit na tinutuligsa ni Oseas ang mga haring di galing sa Diyos dahil mula sa simula'y sila na ang humirang sa kanilang sarili. Tanging ang mga inanak lamang ni David sa katimugan ang mga hinirang ng Diyos. At higit pa rito'y hindi sila kailanman nagkaroon ng malasakit para maging mga kinatawan ng Diyos sa kanyang bayan ni tuparin ang kanyang mga plano.

At narito ang mabigat na pagtuligsa sa mga gintong guya na inilagay sa Betel bilang parangal kay Yawe (tingnan ang 1 H 12:28).

at di ko kilala ang hinirang na mga pinuno.
Ginawa nilang mga diyus-diyusan ang kanilang
pilak at ginto sa sarili nilang kapahamakan.
5 Para sa akin, Samaria, kasuklam-suklam
ang iyong baka at naglalagablab ang galit ko
laban dito. Hanggang kailan ka mananatiling
marumi?
6 Baka lamang ang sa iyo, Israel, na gawa ng
isang eskultor. Hindi ito Diyos kaya dudurugin
ang baka ng Samaria. 7 Naghasik sila ng hangin,
at mag-aani sila ng ipuipo. Walang butil ang
mga tangkay, at walang pagkaing ibibigay.
Magkabutil man ito'y lalamunin lamang ng mga
dayuhan.
8-9 Nilamon ang Israel nang magpunta sa
Asiria. Wala siyang kabuluhan sa piling ng mga
bansa. Isang palalong asno noon ang Efraim, at
ngayo'y nagpadala siya ng mga regalo sa kan-
yang mga mangingibig. 10 Kahit na nagpadala
sila ng mga handog sa mga bansa, ipahahamak
sila at manghihina ang Israel sa paniniil ng
Dakilang Hari.

• 11 Nagpatayo ng maraming altar ang
Efraim ngunit pinagkasala lamang siya ng mga
ito. 12 Sinulat ko para sa kanya ang maraming
tuntunin ng aking Batas, ngunit itinuring nila
itong kakatwa.
13 Gusto nilang maghain ng mga alay pagkat
sila ang nagsisikain ng karne. Ngunit hindi tina-
tanggap ni Yawe ang mga ito pagkat tinatan-
daan niya ang kanilang kasamaan at pinaruru-
sahan ang kanilang kasalanan. Kaya mag-
babalik sila sa Ehipto.
14 Nilimot ng Israel ang Lumikha sa kanya at
nagtayo siya ng mga palasyo, ngunit susunugin
ko ang kanilang mga bayan at mga palasyo.

**Ibinalita ang pagkatapon**

**9** 1 Huwag kang magalak, Israel, huwag
magdiwang gaya ng ibang mga bansa,
pagkat nilayuan mo ang iyong Diyos. Gusto
mong gumawa ng panata sa tulong ng pagbibili
ng iyong sarili sa mga giikan ng trigo. 2 Kaya
wala kang makukuhang pagkain sa giikan at
pisaan ng ubas, di ka magkakaroon ng bagong
alak. 3 Hindi na sila mananatili pa sa lupain ni
Yawe. Babalik sa Ehipto ang Efraim – ang toto-
o'y sa Asiria sila kakain ng pagkaing di-malinis.
4 Hindi na sila makapagbubuhos ng alak na
handog kay Yawe o makapag-aalay ng handog
sa kanya. Maruming tinapay ang kanilang ka-
kanin, tulad ng tinapay sa pagluluksa. Para sa
kanila lamang ang pagkaing iyon at hindi ma-
dadala sa Bahay ni Yawe.
5 Ano ang gagawin mo sa mga araw ng
piyesta? Aalis ka pero hindi para sa isang banal
na paglalakbay kay Yawe; 6 sa halip ay tatakas
ka dahil sa mga manlulupig. Tatanggapin ka ng
Ehipto at ililibing ng Mempis. Babalutin ng
dawag ang iyong mga kayamanang pilak at ng
mga tinik ang iyong mga tolda.
7 Dumating na ang panahon ng pagpaparusa,
narito na ang araw ng paniningil. Malalaman ito
ng mga Israelita. Masisiraan ng bait ang mga
propeta, magiging parang baliw ang mga mang-
huhula pagkat simbigat ng iyong mga pagkaka-
sala ang iyong pagkagapi.
8 Nagbabantay ang Efraim sa harap ng aking
Diyos; sinisikap ng propeta na hadlangan ang
kaaway sa lahat ng daanan upang mailigtas ang
bahay ng kanilang mga diyos. 9 Talamak na ang
kabulukan nila, tulad pa noon sa Gibea. Aalala-
hanin ni Yawe ang kanilang kabuktutan at pa-
rurusahan sila sa kanilang kasalanan.
10 Ang pagkatagpo ko sa Israel ay tulad ng
pagkakita ng ligaw na ubas sa disyerto. Nakita
ko ang iyong mga ninuno na parang mga unang
bunga ng punong igos. Ngunit kararating la-
mang nila sa Baal-peor, agad silang nakiapid sa
diyus-diyusang iyon at naging kasing-kasuk-
lam-suklam ng kanilang iniibig. 11 Palayong lu-
mipad na parang ibon ang luwalhati ng Efraim;
oo, hindi pa iyon isinilang, hindi pa ipinaglihi.
12 Magpalaki man sila ng mga anak, kukunin ko
ang mga iyon bago magsilaki. Kawawa sila
kapag nilayuan ko sila!
13 Nang makita ko ang Efraim, para siyang
taniman sa magandang kapatagan, ngunit
ngayo'y ipadadala niya sa patayan ang kanyang
mga anak. 14 Bigyan mo sila, Yawe... Ano ang
ibibigay mo sa kanila? Bigyan sila ng mga
sinapupunang baog at mga dibdib na tigang.
15 Sa Gilgal nakita ang kanilang kabuktutan.
Kinamuhian ko sila roon. Palalayasin ko sila sa
aking Bahay dahil sa kanilang kasamaan. Hindi
ko na sila mamahalin pagkat mapaghimagsik
ang lahat nilang pinuno. 16 Maysakit na ang
Efraim: natutuyo ang kanyang mga ugat, hindi
siya magbubunga. Magbuntis man sila, papa-
tayin ko ang sanggol sa sinapupunan. 17 Tatang-
gihan sila ng aking Diyos pagkat hindi sila
nakinig sa kanya; palalabuyin niya sila sa mga
bansa.

---

• 11. Ang panlabas na pagsamba at mga sagradong salu-salong kasunod ng paghahandog ay hindi makapagpapalimot ng kanilang kasalanan sa Diyos.

Nililingon ni Oseas ang kahapon ng Israel. "Magbabalik ka sa Ehipto" (9:3), ibig sabihi'y magbabalik ka sa pagiging bihag.

10 1 Ang Israel ay isang lumalagong punong
ubas na sagana sa bunga. Habang du-
marami ang kanyang bunga, lalo namang du-
marami ang kanyang mga altar; habang suma-
sagana ang kanyang lupain, lalo naman nilang
pinalalamutian ang mga sagradong bato.
2 Hati ang kanilang puso! Pagbabayaran nila
ito. Wawasakin ang kanilang mga altar at du-
durugin ang kanilang mga sagradong bato.
3 Ngayo'y sinasabi nila: "Wala kaming hari
(sapagkat wala kaming pitagan sa Diyos) ngu-
nit paano tayo matutulungan ng isang hari?" 4 At
pagkasabi nila niyon, nanunumpa sila sa isang
kasunduang walang saysay; lumalago nang
masamang damo ang kanilang parusa.
5 Nanginginig ang mga taga-Samaria dahil sa
kanilang guya sa Betel; ipinagluluksa nila iyon
gaya ng mga paring iyon ang ipinagmamalaki.
6 Dinala na sa Asiria ang marangyang diyus-
diyusan bilang regalo sa dakilang hari. Mahihiya
ang Efraim; mapapahiya ang Israel. 7 Tinangay
namang parang bula ng tubig ang hari ng
Samaria.
8 Wawasakin ang mga altar sa burol – ang
kasalanan ng Israel. Gagapangan ng tinik at
dawag ang mga ito. Sasabihin nila sa mga
bundok: "Takpan ninyo kami," at sa mga burol:
"Daganan ninyo kami."
9 Mula pa sa panahon ng Gibea, nagkasala ka
na at naghimagsik, O Israel. Di ba't natalo sa
Gibea ang masasama? 10 Kaya pagdating ko
kayo parurusahan. Titipunin ko ang mga bansa
laban sa inyo dahil sa doble ninyong kasalanan.

**Babala at tawag sa pagbabalik-loob**

11 Ang Efraim ay isang dumalagang bakang
sanay at mahilig sa paggiik, kaya lalagyan ko
siya ng pamatok at isisingkaw sa araro. Ang
Israel ang mag-aararo, ang Jacob ang magbu-
bungkal ng lupa.
12 Maghasik ng katarungan para sa inyong
sarili at mag-ani ng kagandahang-loob. Bung-
kalin ang lupang di pa naaararo. Ito ang pana-
hon para hanapin si Yawe hanggang sa siya'y
dumating at magpaulan sa inyo ng kaligtasan.
13 Naghasik kayo ng kasamaan, nag-ani ng
kabuktutan at kumain ng bunga ng pandaraya.
Sa pananangan ninyo sa sarili ninyong lakas at
marami ninyong mandirigma, sasapit sa inyo
ang kapahamakan. 14 Masdan ang pagkawasak
ng inyong mga kuta, gaya nang wasakin ni
Salman ang Betabel at pagpapatayin ang mga
ina kasama ang kanilang mga anak. 15 Ganito
ang mangyayari sa iyo, Israel, dahil sa napaka-
laki mong kasamaan. Sa bukanliwayway sa
araw na iyon, nawala na ang hari ng Israel.

**Tinawag ko ang aking anak mula sa Ehipto**

11 • 1 Minahal ko ang Israel sa kan-
yang pagkabata; tinawag kong
palabas sa Ehipto ang aking anak. 2 Ngu-
nit habang tinatawag ko siya, lalo naman
siyang lumalayo sa akin – nag-aalay ng
mga handog sa mga Baal, nagsusunog ng
insenso sa mga diyus-diyusan.
3 Ngunit ako ang siyang nagturong
lumakad sa Efraim; inakay ko sila pero
hindi naman nila naunawaang ako ang
nag-alaga sa kanila. 4 Inakay ko sila sa
lubid ng makataong kagandahang-loob,
sa mga tali ng pag-ibig. Inangat ko ang
kanilang pamatok at yumuko ako para
pakainin sila.
5 Kung tatanggi silang magbalik sa
akin, sa Ehipto sila babalik at aalipinin sila
ng hari ng Asiria. 6 Iwawasiwas ang mga
tabak sa kanilang mga lunsod, lilipulin
ang kanilang mga anak, at wawakasan
ang lahat nilang balak.

7 Nagpipilit silang lumayo sa akin; sumisigaw
sila sa paghingi ng tulong ngunit wala namang
sumasaklolo. 8 Paano kita mapababayaan,
Efraim? Maiiwan ba kitang gaya ng Adma?
Magagawa ba kitang gaya ng Seboim? Nalili-
galig ang aking puso at nababagabag ang aking
kalooban. 9 Hindi ako magpapadala sa matindi
kong galit, hindi ko wawasakin ang Efraim
pagkat ako'y Diyos at hindi tao. Ako ang Banal
sa inyong piling, at ayaw kong padala sa galit.
10 Susunod sila kay Yawe sa pag-ungol niya
na parang leon. Sa pag-ungol niya'y nangingi-
nig na darating ang kanyang mga anak mula sa
kanluran. 11 Takot silang darating na parang
mga ibon mula sa Ehipto, parang mga kalapati

---

• **11.**1 Ang Israel ang laki sa layaw na anak ng Diyos. Inilabas siya ng Diyos noon mula sa Ehipto, at mula noo'y tinatawag na niya ito at sinisikap na akitin sa kanyang sarili, pero sige pa rin ang Israel sa kanyang masasamang gawi na naghahatid ng parusa sa kanya.

*Ako'y Diyos at hindi tao* (9). Ang mga kasawiampalad natin na para sa ati'y waring mga parusa ng Diyos ay talagang mga paraan na pinakamaganda sa Diyos para turuan niya tayo. (Tingnan ang Heb 12:7; 2 Mac 6:16; Kar 11:23).

mula sa Asiria. Pagkat ibabalik ko sila sa kani-
kanilang mga tahanan, sabi ni Yawe.

**12** 1 Pinalibutan ako ng Efraim ng kasinu-
ngalingan; may pandarayang lumalapit
sa akin ang Israel. Sinusunod nila si Baal at
tinutugis ang Banal. 2 Nanginginain ng hangin
ang Efraim, laging hinahabol sa amihan, walang
lagot sa pagsisinungaling at karahasan. Nakiki-
pagkasundo siya sa Asiria at nagluluwas ng
langis sa Ehipto.
3 Iniharap ni Yawe sa paglilitis ang Jacob.
Parurusahan niya ito at pagbabayarin sa kan-
yang mga gawa.
4 Sa sinapupunan pa'y nanaig na siya sa
kanyang kapatid at saka nakipagbuno sa Diyos,
nakipaglaban hanggang sa makapanaig sa ang-
hel. 5 Nanangis siya at nagsumamo. Nagtagpo
silang muli sa Betel at nakipag-usap siya roon
sa kanya.
6 (Si Yaweng Diyos ng mga Hukbo – Yawe ang
maluwalhati niyang pangalan. 7 Dapat kang
magbalik sa iyong Diyos, magsagawa ng pag-
ibig at katarungan at laging manalig sa iyong
Diyos.)
8 May madadayang timbangan ang Kanaan
at mahilig mandaya. 9 Nagyayabang ang
Efraim: "Mayaman na ako; nagreserba ako ng
sapat; walang makapagsasabing makasalanan
ang aking pagyaman." 10 Ngunit ako si Yaweng
iyong Diyos na humango sa iyo sa Ehipto; muli
kitang patitirahin sa mga tolda gaya noong mga
araw ng Pagtatagpo. 11 At magsasalita ako sa
mga propeta, pararamihin ang mga pangitain at
tuturuan sa mga talinhanga.
12 Tampalasan ang Galaad, pawang manda-
raya. Nag-aalay sila ng handog sa mga toro sa
Gilgal. Kaya naman magiging bunton ng mga bato
sa binungkal na bukid ang kanilang mga altar.
13 Tumakas si Jacob patungo sa lambak ng
Aram; naglingkod si Israel upang magkaasawa,
nagtrabahong pastol para makuha ang kabiyak.
14 Inilabas ni Yawe ang Israel mula sa Ehipto sa
pangunguna ng isang propeta; at sa propeta rin
niya siya pinaalagaan. 15 Ngunit ginalit siya ng
Efraim; mananagot ito dahil sa dugong pina-
danak at pagbabayarin sa kanyang pagsuway.

**13** 1 Nang magsalita ang Efraim, nanginig
ang lahat. Nanguna siya sa Israel ngunit
nagkasala ukol sa Baal at namatay. 2 Patuloy
sila ngayong nagkakasala sa paggawa ng mga
minoldeng imahen, gumagawa ng mga diyus-
diyusang pilak na gawa ng iskultor. At dinidiyos
iyon! Nag-aalay sila ng tao at hinahalikan ang
guya. 3 Kaya matutulad sila sa ulap sa umaga at
hamog na agad napapawi, sa dayaming nalilipad
sa giikan, sa usok na tumatakas sa bintana.
4 Ngunit ako si Yaweng iyong Diyos na nagla-
bas sa iyo mula sa Ehipto; wala kang kikilala-
ning Diyos liban sa akin, walang Tagapagligtas
kundi ako.
5 Inalagaan kita sa disyerto, sa isang nakapa-
pasong lupain. 6 Pinakain ko sila at sila'y na-
busog, at nang busog na'y naging mayabang at
ako'y kinalimutan. 7 Kaya naging parang leo-
pardo ako sa kanila, parang leong nag-aabang
sa kanila. 8 Sasalakayin ko sila gaya ng isang
osong inagawan ng anak. Dinukot ko ang ka-
nilang puso, at tulad ng leon ay nilapa ko sila;
niluray sila ng mabangis na hayop.
9 Israel, ako ang iyong saklolo, at ako pa ba
ngayon ang wawasak sa iyo? 10 Nasaan ang
iyong hari na magliligtas sa iyong mga bayan?
Nasaan ang iyong mga pinuno? Hindi ka ba
nagsabing: "Bigyan mo kami ng isang hari at
mga pinuno?" 11 Kaya nga sa galit ko'y binigyan
kita ng isang hari, at sa poot ko'y inalis ko siya.
12 Sagad ang kabuktutan ng Efraim; naka-
tago ang kanyang pagkakasala. 13 Nagdaranas
siya ng hirap ng isang babaeng nanganganak.
Ngunit hangal ang sanggol, nang oras na'y hindi
niya nilisan ang sinapupunan.
14 Tutubusin ko ba sila sa lugar ng mga pa-
tay? Hahanguin ko ba sila sa kamatayan? Na-
saan, Kamatayan, ang iyong mga salot? Na-
saan, lugar ng mga patay, ang iyong kaman-
dag? Wala nang habag ang aking mata 15 sa
nanguna sa kanyang mga kapatid. Iihip mula sa
disyerto ang hangin ni Yawe para tuyuin ang
kanyang mga bukal at balon, at huhubaran siya
ng lahat niyang kayamanan.

**14** 1 Nagkasala ang Samaria, naghimagsik
siya sa kanyang Diyos. Mabubuwal sila
sa tabak, dudurugin ang kanilang mga sanggol,
at lalaslasin ang tiyan ng mga buntis.

• 2 Magbalik ka, Israel, kay Yaweng iyong Diyos!
Nadapa ka sa iyong mga pagkakasala.

---

• 2. Nagtatapos sa mga salitang ito ng pag-asa at sigla ang libro ni Oseas. Pagkaraan ng mga pagsubok, hahanapin ng Israel si Yawe na magpapakita naman sa kanya. Ang pakikipagkasundo ng tao sa Diyos ay magiging tunay na pag-aasawa, kaalinsabay ng pagkakasundo ng sangkatauhan sa sangkalikasan. Nabanggit na ito sa 2:17-22 at tatalakayin pang lalo sa Awit ng Mga Awit sa muling paggamit sa ilang paglalarawang galing kay Oseas.

3 Maghanda ka ng sasabihin at humarap kay Yawe,
at sabihin mong: “Ikaw na nahahabag sa ulila,
patawarin mo ang aming mga kasalanan
at tanggapin sa iyong kagandahang-loob.
Sa halip ng mga toro at mga handog,
tanggapin ang papuri mula sa aming mga labi.
4 Hindi kami maililigtas ng Asiria;
hindi na kami aasa pa sa mga kabayo,
ni muling magsasabing ‘Mga diyos namin’
sa gawa ng aming mga kamay.”

5 Lulunasan ko ang kanilang pagkaligaw
at buong puso silang mamahalin
pagkat napawi na ang galit ko sa kanila.
6 Magiging para akong hamog sa Israel;
mamumulaklak siyang parang liryo.
Parang sedro ng Lebanon, mag-uugat siya nang malalim.
7 Uusbong ang kanyang mga supling.

Ang ganda niya’y magiging parang sa punong olibo,
ang bango’y parang sa sedro ng Lebanon.
8 Muling mananahan ang mga tao sa kanyang lilim.
Mananagana siyang parang butil ng trigo,
mamumulaklak na parang ubas,
at matatanyag na parang alak ng Lebanon.

9 Aanhin pa ng Efraim ang mga diyus-diyusan,
kung ako ang dumirinig at nangangalaga sa kanya?
Para akong sipres na laging luntian,
galing sa akin ang pagiging mabunga mo.

10 Sino ang matalino na makaaalam sa lahat ng ito?
Sino ang mahusay umunawa?
Tuwid ang mga daan ni Yawe;
doon lumalakad ang mga matuwid
at natitisod ang masasama.